## Application para sa Bawas na Pasahe ng Kitsap Transit para sa Mababababang Kita

Alam mo ba ang bawas na pasahe ay maaari sa mga nakarutang bus ng Kitsap Transit at sa Foot Ferry para sa mga pasaherong nagkakwalipika batay sa mababang kita?

### Mga Kwalipikasyon para sa Bawas na Pasahe para sa mga ORCA kard ng may Mababababang Kita

Bilang may-ari ng isang Kitsap Transit low income Reduced Fare ORCA card (Bawas na Pasahe ng ORCA kard ng may Mababababang Kita) ikaw ay makakatanggap ng bawas na pasahe sa mga nakarutang bus ng Kitsap Transit at ang Kitsap Transit Foot Ferry. Maaari ka ring makatanggap ng mga diskuwento sa pasahe sa King County Metro. Upang matanggap ang diskuwento, kailangan mong magbayad ng iyong pasahe gamit ang buwanang pass o E-purse na naka-load sa iyong ORCA kard. Hindi ka makakatanggap ng diskuwento sa pamamagitan lamang ng pagpapakita ng kard sa opereytor. Ang pagbayad ng iyong bawas na pasahe mula sa E-purse ay makapagbibigay sa iyo ng libreng 2 oras na paglipat sa anumang lokasyon.

Ang mga kard para sa mga mababababang kita ay dapat nire-renew kada taon sa pamamagitan ng pagpapakita ng katibayan ng pagiging karapat-dapat.

Maaari kang magkwalipika para sa Bawas na Pasahe ng ORCA kard ng may Mababababang Kita kung nag-enroll ka sa programa ng pagkwalipika sa mababababang kita o kung ang iyong kita ay hindi hihigit sa 200% ng mga pederal na patnubay sa kahirapan. Dapat ding mayroon kang kasalukuyang sulat ng partisipasyon (sulat ng pagkakaloob) mula sa isa sa mga sumusunod na programa para sa pagkwalipika sa mababababang kita na may bisa pa:

- Tulong sa Pagkain
- Tulong Medikal ng Estado
- Mga Benepisyo na Pampublikong Pabahay (Seksyon 8)
- Tulong sa enerhiya sa bahay mula sa KCR
- Programang WorkFirst
- Social Service Agency o Shelter
- Work Release Program ng Department of Corrections
- FAFSA/Financial Aid

Kung hindi ka naka-enroll sa isang programa ng pagkakwalipika, dapat kaya mong ipakita na ang kita ng iyong sambahayan ay hindi hihigit sa 200% ng mga pederal na patnubay sa kahirapan. Ang kita ng sambahayan ay ipinapaliwanag bilang kabuuang kita ng lahat ng (mga) miyembro ng sambahayan na lagpas sa 18 taong gulang. Dapat kang magbigay ng kasalukuyang patunay ng kita para sa lahat ng (mga) miyembro ng sambahayan na lagpas sa 18 taong gulang gamit ang isa sa mga sumusunod:

- Income Tax Return
- W-2 na mga form
- 3 buwan na paystub

Pakitandaan: Kung ikaw ay 65 taong gulang o mas matanda pa o may kapansanan, maaari kang magkwalipika para sa Regional Reduced Fare ORCA card (Rehiyonal na Bawas na Pasahe na ORCA kard). Ang rehiyonal na kard ay nagbibigay ng mga diskuwento sa mga ahensiyang pangtransportasyon sa buong rehiyon. Ang kard para sa mababababang kita ay nagbibigay ng mga diskuwento sa Kitsap Transit at King County Metro lamang. Para sa mga katanungan tungkol sa Regional Reduced Fare Permit mangyaring makipag-ugnay sa Customer Service sa numerong 1.800.501.7433 para sa mga detalye o bisitahin ang http://www.kitsaptransit.com/fares/regional-reduced-fare

Upang matanggap ang iyong diskuwento na bawas na pasahe, kailangan mong magbayad ng pasahe gamit ang isang pass o E-purse na naka-load sa iyong ORCA kard. Ang pagbayad ng bawas na pasahe mula sa E-purse ay makapagbibigay sa iyo ng libreng 2 oras na paglipat sa anumang lokasyon.

**Application para sa Bawas na Pasahe ng Kitsap Transit para sa Mababababang Kita**

☐ Bagong Application ☐ Pag-renew

Pangalan
Pangalan: __________________ Gitnang Pangalan: ____________ Apelyido: ___________________

Mailing Address: ___________________________________________________________________________
Apt # _____________
Lungsod: ________________________
Estado: ________________
Zip Code: _____________
Telepono: (____)_________-_____________
Dami ng Tao sa Sambahayan: _____________
Lagda ng Aplikante: ___________________
Petsa: __________________

Upang mag-apply sa pamamagitan ng mail, kumpletuhin at pirmahan ang application sa itaas, magsama ng kopya ng isa sa mga dokumento na nagpapatunay ng pagiging karapat-dapat na nakalista sa kabila ng pulyetong ito, ilagay pareho sa sobre at ipadala sa:

Kitsap Transit Customer Service
60 Washington Avenue, Suite 200
Bremerton, WA 98337

Kapag nagpapadala ng iyong application sa pamamagitan ng mail, mangyaring magbigay din ng sagot sa sumusunod na 'tanong sa sikreto':
Ano ang apelyido sa pagkadalaga ng iyong ina? ____________________

Kailangan mong magbigay ng sagot sa 'tanong tungkol sa sikreto' at magbigay ng zip code tulad ng nakasulat sa itaas kung nais mong mag-set up ng My Orca Account sa www.orcacard.com.

***Para sa Gamit ng mga Kawani ng CSO Lamang:***
*Ibinigay na dokumentasyon sa pagiging karapat-dapat:*
*Tulong sa Pagkain*
*Medicaid*
*Mga Benepisyo na Pampublikong Pabahay (Seksyon 8)*
*Tulong sa Enerhiya sa Bahay mula sa KCR*
*Programang WorkFirst*
*Social Service Agency o Shelter*

*Programa ng Department of Corrections*
*Income Tax Return*
*W-2 na mga form*
*3 buwan na pay stub*
*FAFSA*
*Iba pa:*
*CSO*
*Petsa:*

## Mga Madalas Itanong

**Saan ko kukunin ang aking Kitsap Transit Reduced Fare ORCA card (Bawas na Pasahe ng ORCA kard ng Kitsap Transit)?**

Ang mga ORCA kard na para sa mga mabababang kita ay ginagawa lamang sa Customer Service Office ng Kitsap Transit, na matatagpuan sa loob ng Bremerton Transportation Center sa 10 Washington Avenue, Bremerton.

**Puwede ko pa rin bang bayaran ng cash ang aking pasahe?**

Lagi kang maaaring magbayad ng pasahe gamit ang cash. Gayon pa man, ang mga pasaherong nagbabayad ng cash ay hindi maaari para sa bawas na pasahe o sa libreng 2 oras, anumang direksyon na paglipat.

**Ano ang maaari kong i-load sa ORCA kard?**

E-purse – Ang E-purse ay gumagana na parang cash kapag nagbabayad ka ng pasahe. Mag-load ka lang ng pera sa iyong kard at i-tap ang kard pag sakay mo. Binabawas sa kard ang tamang pasahe.

Pass para sa isang Partikular na Ahensiya - Isang buwanang bus pass para sa isang ahensiya, tulad ng Kitsap Transit Reduced Fare Monthly Pass (Bawas na Pasahe na Buwanang Pass ng Kitsap Transit).

Rehiyonal na PugetPass - Isang buwanang pass na maaaring gamitin sa Kitsap Transit, pati na rin sa Community, Metro, Pierce, Everett at Sound Transit. Mabibili sa mga halaga ng byahe na mula .75 hanggang $4.75. (Maaaring makakuha ng diskuwento para sa mabababang kita sa mga serbisyo ng Kitsap Transit at King County Metro lamang.)

**Paano ko dadagdagan ang halaga sa aking kard?**

Kung kailangan mong magamit ang isang pass o E-purse agad-agad, dapat personal kang pumunta sa Customer Service Office ng Kitsap Transit o sa isang tindahan nito upang padagdagan ang halaga sa iyong ORCA kard. Lokasyon. Kung papadagdagan mo ang halaga sa iyong kard sa pamamagitan ng telepono 1.888.988.6722, gamt ang mine-mail na form, o sa www.orcacard.com, kailangan mong maghintay ng 24 hours bago maaaring gamitin ang pass o E-purse.